K

# Lingguhang Aralin sa Kindergarten

Kuwarter 1

Linggo

6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Kindergarten**
**Kuwarter 1: Linggo 6**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG Kindergarten Curriculum sa Taong Pampanuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anomang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito ayon sa sinasaklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring maging hakbang sa legal na kaparusahan.

Sinikap na matunton ang mga may-akda ng mga ginamit na materyal na ito para sa paghingi ng permiso. Kung kaya't hindi lubos na inaangkin ang pagmamay-ari ng mga bumuo ng mga kagamitang panturong ito.

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon ng mga materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

## Bumuo sa Pagsusulat

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Sinuri at Pinagyaman** | | | |
| **Internal:** | Dulce O. Santos | Gemma G. Bernardo | Dalisay E. Esguerra |
| | Florita R. Matic | Ruby E. Baniqued | |
| | Florante D. Garcia | Lucky S. Carpio | Aubrey M. Arebuabo |
| | Jever E. Sales | Evelyn M. Ramos | |
| **External:** | Jonellie Reynes Santos | Rubie Sajise | Kristine Canon |
| **Tagalapat:** | Ana Lisa M. Mesina | Dorothy Grace I. Reyes | Edgardo Q. Reyes |
| | | Klarize B. Bermejo | |

## Management Team

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV,* Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**MARICAR A. BANGIT**, Regional Kindergarten Supervisor
**RUBY E. BANIQUED**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor
**DALISAY E. ESGUERRA**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor

| MATATAG *Kindergarten* Lingguhang Aralin | **Paaralan:** | | | **Petsa:** | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | | **Lingguhang Bilang:** | 6 |
| | **Pangkat:** | 1. | 2. | **Markahan:** | Una |
| | **Tema:** | Knowing Who We Are and Our Families | | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman *(Content Standard)*** | The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts. |
| **B. Pamantayan Pagganap *(Performance Standard)*** | The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety. |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competencies)** | • *Demonstrate locomotor and non-locomotor movements (K-MB-I-IV-4)*<br>• *Express oneself through music, arts, and movement (K-MB-I-IV-2)*<br>• *Demonstrate proper behavior in various situations and places in the community (K-GMRC- II-1)*<br>• *Narrate one's personal experiences (K-L-I-IV-4)*<br>• *produce the sound of the letter it stands for (K-RL-I-IV-2)*<br>• *Write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase form (K-RL-I-IV-3)*<br>• *Give the correct sequence of events in a local text listened to (K-RL-II-4)*<br>• *Create artworks using local and available materials (K-MB-I-IV-6)*<br>• *Identify the body parts and their functions (K-PNE-I-1)*<br>• *Describe objects based on attributes (shapes, sizes, uses, etc.) using senses and body parts (K-PNE-I-2)*<br>• *Practice ways of caring for and protecting one's book (K-PNE-I-3)*<br>• *Recognize the importance of having a positive attitude in dealing with different circumstances. (K-GMRC-I-IV-2)*<br>• *Use communication tools properly and technology appropriately (K-PNE-I-IV-4)* |

| | |
|---|---|
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | • Nakikilala ang bahagi ng katawan na maaaring gamiting pandama<br>• Nakikilala ang bahagi ng katawan na ginagamit na paningin<br>• Nakikilala ang bahagi ng katawan na ginagamit na pandinig<br>• Nakikilala ang bahagi na ginagamit na pang-amoy<br>• Nakikilala ang bahagi ng katawan na ginagamit na panlasa<br>• Nakikilala ang bahagi ng katawan na ginagamit na pansalat at pandama |
| **E. Nilalaman/Paksa *(Content Focus)*** | • Ako ay may limang (5) pandama.<br>• Ginagamit ko ang aking mga pandama upang maunawaan ang mga nangyayari sa aking kapaligiran. |

| BLOCKS OF TIME | LUNES | MARTES | MIYERKOLES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **Arrival Time**<br>Free Play<br>(10 minuto) | Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating. Kapag may lugar sa labas ng *classroom* upang pumila ang mga bata nang hindi maaarawan o mauulanan, papilahin sila. (Sumangguni sa *Teacher's Guide* ukol sa *intentional teaching* patungkol sa *routine activities*).<br><br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag- umpisa ng klase.<br>Bilangin natin kung ilan kayong lahat sa klase, ilan ang mga babae at ilan ang mga lalaki?<br><br>Matapos ang sampung minuto, kantahin ang "Isa, Dalawa, Tatlo" o iba pang kanta na maaring gamitin upang umupo ang mga bata. (Sumangguni sa Apendiks) | | | | |
| **Meeting Time**<br>(15 minuto)<br><br>Routine Activities | Pambansang Awit<br>Panalangin<br>Ehersisyo<br>Kumustahan (kamustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balitang napanood sa telebisyon o narinig sa radyo, *current events*)<br><br>Balitaan:<br>Ating alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo. | | | | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="5">Kahapon ay <u>(e.g., Linggo)</u><br>Ngayon ay ________<br>Bukas ay _______<br>Ang petsa ngayon ay ika-____ ng taon ____<br><br>Ano naman ang ating panahon ngayon? (maulan, maaraw, at iba pa)<br><br>Ilan ang mga babae? Ilan ang mga lalaki? Ilan kaya lahat ang mga bata? Bilangin natin.<br><br>(Sumangguni sa Teacher’s Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang makita ang iba’t ibang konsepto at variation ng pagtuturo nito.)</td></tr>
<tr><td>Mga Mensahe</td><td>Ang mata ang pandama ng paningin. Ginagamit ko ito upang makita ang mga bagay sa aking paligid.<br><br>Anong bahagi ng iyong katawan ang ginagamit mo upang makita mo ang mga bagay sa iyong paligid?<br><br>Ilan ang iyong pandama ng paningin?<br><br>Paano mo mapangangalagaan ang iyong mga mata?</td><td>Ang tainga ang pandama ng pandinig. Ginagamit ko ito upang marinig ang iba't ibang tunog sa aking paligid.<br><br>Anong bahagi ng iyong katawan ang iyong ginagamit upang marinig mo ang ibat ibang tunog sa iyong paligid?<br><br>Ilang ang iyong tainga?<br><br>Paano mo mapangangalagaan ang iyong mga tainga?</td><td>Ang dila ang pandama ng panlasa. Ginagamit ko ito upang malaman ang lasa ng iba't ibang pagkain at inumin.<br><br>Ano ang bahagi ng iyong katawan ang ginagamit mo upang malaman mo ang iba’t ibang lasa ng pagkain at inumin?</td><td>Ang ilong ang pandama ng pang-amoy. Nalalaman ko ang iba't ibang uri ng amoy sa aking paligid.<br><br>Anong bahagi ng iyong katawan ang ginagamit mo upang malaman mo ang amoy sa iyong paligid?<br><br>Paano mo mapangangalagaan ang iyong ilong?</td><td>Ang balat ng aking katawan ginagamit ko na pandama. Nalalaman ko kung ang isang bagay ay mainit, malamig, magaspang, o makinis.<br><br>Anong bahagi ng katawan ang iyong ginagamit upang malaman mo kung<br><br>matigas, malambot, mainit o malamig ang isang bagay?<br><br>Paano mo pinangangalagaan ang balat ng iyong katawan?</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Katanungan** | Anong bahagi ng katawan ang iyong ginagamit upang matutong sumulat? Ano ang ginagamit mo upang makakita?<br><br>Ilan ang iyong mga mata? Ano-anong bahagi ng iyong mga mata ang ginagamit mo upang makakita? Ano-ano ang maaari mong makita?<br><br>Paano mo maiingatan ang iyong mga mata? | Ano ang ginagamit mo upang ikaw ay makarinig?<br><br>Ilan ang iyong mga tainga?<br><br>Ano-ano ang bahagi ng iyong mga tainga?<br><br>Paano mo maiingatan ang iyong mga tainga? | Ano ang gamit mo na panlasa?<br><br>Ano-ano ang maaari mong malasahan o matikman?<br><br>Ano ang iba't ibang lasa?<br><br>Ano-anong bagay ang hindi natin dapat tikman o lasahan? | Ano ang gamit mo upang makaamoy?<br><br>Ano ang iba't ibang mga amoy?<br><br>Ano-anong bagay ang ayaw mong maamoy? | Ilan ang iyong mga kamay? Ano-ano ang bahagi ng iyong mga kamay?<br><br>Ano ang mga bagay na dapat nating ingatan/iwasan na hipuin o maramdaman? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Circle Time 1 (Work Period)**<br>(45 minuto) | Sa anong tunog nagsisimula ang salitang mata?<br>Ituro ang iyong mata.<br><br>Story: *Ang Aking Kaibigan*<br>(Sinulat ni Kris G. Mingoy<br>Guhit ni Anjo Ramirez (2022) USAID, DepEd, RTI, SIL LEAD, ABC + Project)<br><br>Ipaliwanag ang mahihirap na | *Sino-sino sa inyo ang may mga pangalan na nag sisimula sa letrang Mm? at mga bagay na nagsisimula sa letrang Mm.*<br><br>*Ipaliwanag ang kahulugan ng mahirap na salita.*<br>*-pinabayaan*<br>*Maaari mo bang maipakita ang ibig sabihin ng salitang pinabayaan?*<br><br>Story: Ang Mukha ni | Bigkasin ang mga larawan na nagsisimula sa letrang M<br><br>Story: *Halo Halo Espesyal*<br>(Sinulat ni Yvette Fernandez<br>Guhit ni Jill Arwen Posadas (2006) Adarna)<br><br>Ipaliwanag ang mahihirap na | Bilugan ang mga letrang Mm<br>*Gamitin ang TSA: Botelyang Amuyan upang pag-usapan at maintindihan ng mga bata ang mga tanong ukol dito.* | Paggawa ng letrang Mm sa pamamagitan ng *mosaic*<br><br>Gagamitin ang kanta pagkatapos ng *Motivation Question* |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | salita/konsepto sa kuwento sa pamamagitan ng mga larawan, aksiyon or mga katumbas na salita.<br>-maunawaan<br>-kapaligiran<br>-paningin<br>-karagatan<br><br>**Pagganyak :**<br><br>Ano-ano ang maaari mong makita?<br><br>Sino kaya ang tinutukoy na kaibigan sa kuwento?<br><br>Tula:<br>*I Use My Five Senses*<br>*Mata/* Paningin | Maria (*https://www.youtube.com/watch?v=RMbtqWSVlsE*)<br>Bahagi ng Mukha<br>(Akda ni: Gng. Maricel A. Sanguillosa<br>Larawan ni: Bb. Jane Paulyn B. Mesina)<br><br>*Ano ang pamagat ng kuwento?*<br>*Ano-ano ang mga bahagi ng katawan ang nabanggit sa kuwento?*<br>*Ano-ano ang dapat nating gawin sa bawat bahagi ng katawan?*<br><br>**Pagganyak:**<br><br>Ano-ano ang maaari mong marinig sa kapaligiran?<br><br>Tula:<br>*I Use My Five Senses*<br>Pandinig | salita/konsepto sa kuwento. Isulat ang mga sumusunod sa pisara:<br>-guminhawa<br>-hiwaga<br>-tigib<br>-mahalimuyak<br><br>**Pagganyak:**<br><br>Ano-ano ang lasa ng pagkain ang natikman mo?<br><br>Ano- ano kaya ang ang inihanda ng lola para sa bata?<br><br>Tula:<br>*I Use My Five Senses*<br><br>Panlasa | **Pagganyak:**<br><br>Kailan mo karaniwang ginagamit ang iyong pang-amoy?<br>Rephrase:<br>Ano-ano ang iba't ibang uri ng amoy ang naamoy natin sa ating paligid?<br><br>Tula:<br>*I Use My Five Senses*<br><br>Pang- amoy | **Pagganyak:**<br><br>Ano-ano ang kayang maramdaman ng mga kamay mo?<br><br>Tula:<br><br>*I Use My Five Senses*<br>Pandama |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Kanta: *Igalaw Mga Mata*<br>*Kaibigang Libro* | Kanta*: Kaibigang Libro* | Kanta: *Kung ang Ulan ay Katas ng Prutas Kaibigang Libro* | | Kanta: *Malambot at Matigas/Magaspang at Makinis* |

| | ***Talakayan*** | ***Talakayan*** | ***Talakayan*** | ***Talakayan*** | ***Talakayan*** |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pag-usapan kung paano nakakikita.<br><br>Kapag ikaw ay naligo at gumamit ka ng sabon, ano ang pakiramdam mo sa iyong balat? Anong *sense* ang ginagamit natin dito? (*touch*)<br><br>Tumingin kayo sa loob ng ating silid-aralan, ano-ano ang mga bagay nakikita ninyo? Aong pandama ang ginagamit dito? | Ano ang baon mo pagpasok sa paaralan? | Paano natin masisiguro ang ligtas na pagkain?<br>-Mahalagang iluto nang maayos ang pagkain<br>-Hugasan itong mabuti<br><br>Nagkaroon ba kayo ng oras na makapanood sa niluluto ng nanay mo? Ano kaya ang lasa ng adobo na kanyang iniluto?<br><br>Bakit kailangang huwag lumapit sa kalan tuwing nagluluto ang iyong nanay? | May paborito ka bang pabango o *cologne?* Ano ang tawag o pangalan nito? Bakit mo ito naging paborito?<br><br>Anong bahagi ng katawan ang ginagamit upang maamoy ang pabango? | Pag-usapan ang mga katangiang nadarama gamit ang mga kamay habang sinasalat nila ang mga pahina ng Aklat ng Pandama. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Teacher's Supervised Activity** | Paggawa ng Largabista at Larong Hanapgamit<br>Panuto:<br>Sabihin na mayroong mga ginagamit na kagamitan upang lalong makakita kahit malayo. Ang isa dito ay ang largabista at iyon ang gagawin ninyo sa araw na ito. | Larong Tambol-palakpak-talon<br>Panuto:<br>Gamitin ang Larong Tambol-Palakpak-Talon upang mas maintindihan ng mga bata ang halaga ng pakikinig upang makasunod sila nang maayos. | *Fruit Salad*<br>Panuto:<br>Gagawa ng *fruit salad* ang mga bata sa tulong ng guro na nakatutok sa ibat' ibang lasa na maaaring matikman upang matutuhan ang bawat lasa ng mga prutas. | Amoy sa Loob ng Botelya<br>Panuto:<br>Gamitin ang binotelyang ginawa upang mabigyan ng konkretong karanasan ang mga mag-aaral sa pandamang pang-amoy. | Aklat ng Pandama<br>Panuto:<br>Gamitin ang Aklat ng Pandama upang maranasan ang mga kuwento o larawan sa ibang pamamaraan at hindi lamang gamit ang mga mata o tainga, ngunit gamit din ang mga kamay. |
| | Pagkatapos gawin ang largabista, isagawa ang Larong Hanap gamit upang maipokus ang atensiyon ng bata sa paggamit ng kanilang mga mata.<br><br>Takdang Aralin:<br>Sundan ang Panuto para sa *Fruit Salad* na gagamitin sa Miyerkoles. Mahahanap ang Panuto sa Apendiks.<br><br>***Karagdagang kagamitan:***<br>*Anatomy* ng Mata | Karagdagang kagamitan:<br>Magpakita ng larawan ng tainga?<br>Maliwanag ba ang isinasaad ng gamit nito?<br>Ituro mo ang iyong tainga at sabihin ang gamit nito. | Takdang Aralin:<br>Sundan ang Panuto para sa paggawa ng *photo-album* ng mga paboritong pagkain na matatagpuan kasama ang Panuto ng *Fruit Salad* sa Apendiks. Ito ay dadalhin sa Biyernes. | | |

| | |
|---|---|
| **Supervised Recess** (15 minuto) | Mga bata sampung minuto na lang ang natitira. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating gawain. Sabay, sabay, 1, 2, 3, 4, 5! (Pwede hanggang 10, 20 kapag lumaon) |

| | |
|---|---|
| | Tawagin natin si, ________ang *prayer leader* ngayong araw (batay sa *Job Chart*). Magpasalamat o magdasal tayo para sa natapos nating gawain at sa ating snaks.<br><br>Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay. (*Number of lines depends on the serviceable child-sized sink.)*<br><br>Pagkahugas ng mga kamay, kakain na ang mga bata ng kanilang baon. (Kapag kumakain na sila) Puwede rin kayong magbahagi *(share*) ng pagkain sa mga kaklase. Maaari ding itanong, Ano ang lasa/kulay/hugis ng iyong pagkain? (Puwedeng idagdag pagkatapos ng araw na tinalakay ang pandamang panlasa: Naaalala niyo ba ang ating mga tinikmang pagkaing ngayong linggo ? Meron bang kamukha ang lasa sa mga baon ninyo?) Sino ang nakaupo sa harap mo? Kaliwa? Kanan? At iba pa.<br><br>Paalalahanan ang mga batang tapos nang kumain na magsepilyo, maghugas ng mga kamay at magpalit ng damit kung nabasa o nadumihan. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Magpahinga muna kung tapos na. |
| **Quiet / Nap Time** (10 minuto) | Iparinig nang mahina ang recorded na awiting “Munting Bituin” habang nagpapahinga ang mga bata. Humanap pa ng ibang oyayi *(lullaby)* na maaaring patugtugin tuwing *Quiet / Nap Time.* |
| **Circle Time 2 (Work Period)** (40 minuto) | Tapos na ang sampung minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang gawain. Kakantahin natin uli ang ‘Masaya Kung Sama-sama’.<br>*TS Activity (Optional): Ikot-Ikot (Kanta)*<br>May mga inihandang mga set ng gagawin sa bawat grupo o mesa. Lalapit ang guro sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ang gagawin. |

| | |
|---|---|
| **Mga Gawain sa Grupo** (Independent Activities) | *Math-Related Activities:*<br>● Kulay Sining sa Papel de Liha (Pandama)<br>● Larong Hanap Kulay (Paningin)<br>● Hugis Tanda (Paningin)<br>● Tahi-nang-tahi ng tatlo (Pandama)<br>*Early Literacy Related Activities:*<br>● Pagkopya ng letra sa Papel de Liha (Pandama)<br>● Pagkopya ng letrang M at pagbigay ng tunog nito<br>● Pamimitas ng mga bagay na Naamoy sa kapaligiran (Pang-amoy)<br>● Ano ang narinig mo? (Pandinig)<br>● Halo-halong Titik ng Pagkain (Panlasa) |

<table>
<tr><td></td><td colspan="5">Tala sa Guro: Hindi kailangang tapusin ang lahat na mga gawaing ito sa loob ng isang linggo. Siguraduhin na ang bawat bata ay makagagawa ng 4 o 5 gawain mula sa listahang ito.</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Indoor/ Outdoor Play (35 minuto) Activities</td><td colspan="5">Limang minuto na lang matatapos na ang gawain natin. (Pagkalipas ng 5 minuto) Tapos na ang limang minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang masasayang laro. Kumanta ng isang transition song. (Sumangguni sa Apendiks)</td></tr>
<tr><td>Laglag-panyo</td><td>Hulaan ng Tunog</td><td>Hulaan ng Lasa</td><td>Tandaan ang litrato at amoy</td><td>Hulaan ang laman ng misteryosong kahon</td></tr>
<tr><td colspan="5">Sampung minuto bago sa takdang oras, sabihin sa mga bata na tapusin na ang kanilang ginagawa dahil malapit nang matapos ang oras ng paglalaro. (Kapag tapos na ang 10 minuto) Iligpit na natin ang mga kagamitan at umupo na o di kaya ay pumila na kung naglaro ang mga bata sa labas ng silid-aralan.<br><br>Maaari din kantahin ang Isa, Dalawa, Tatlo (Sumangguni sa Appendiks).</td></tr>
<tr><td>Wrap Up Time (mensahe) & Dismissal (10 minuto)</td><td colspan="5">Ano ang pinakanatatandaan ninyo sa mga ginawa natin ngayong araw? Ano ang pinakapaborito ninyo sa ginawa natin?<br>Ano naman ang mga gusto ninyong gawin bukas?<br>Ano ang naaalala ninyo sa ating kuwento / kanta / tula?<br>Itanong muli ang pangganyak na tanong (Motive Question) sa araw na iyon.<br><br>Awitin natin ang kantang (Paalam) _________. Maghahanda na ang lahat para sa pag-uwi.</td></tr>
</table>

**Dismissal Routine**: Sa ating pag-uwi, tandaang mag-ingat sa pagtawid sa kalsada. Batiin ang inyong mga magulang nang buong pagmamahal pagdating sa bahay. Ikuwento ninyo ang ating mga ginawa ngayong araw. Maaaring gawin uli ninyo sa bahay sa gabay ng inyong mga magulang.

(Sa Miyerkoles kung saan mayroong takdang aralin) Paalala rin na magpatulong kayo sa inyong mga magulang para magawa ang Takdang Aralin. Kapag hindi kayo matutulungan ng inyong mga magulang, sabihin sa akin para magawa natin kinabukasan.

(Kapag mayroong naka-iskedyul na pagpupulong) Ipaalala din ninyo sa inyong mga magulang ang nalalapit naming pagpupulong sa araw na ____________________. Kung hindi sila makakadalo, ipagbigay-alam sa akin upang magawan ng ibang iskedyul.
Paalam at magkita-kita tayong muli bukas / o sa susunod na araw.


| DAILY TEACHER'S REFLECTIONS | |
|---|---|
| **Reflection Questions** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila gaanong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling istratehiya sa pagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata dito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (Tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

**Apendiks**

A. **Theme-Related Activities**

**<u>Paggawa ng Largabista nang may pag-iingat</u>**

- *Create artworks using local and available materials (K-MB-I-IV-6)*



Layunin: Nalilinang ang *fine motor skills* sa pamamagitan ng paggupit, pagdikit at pagtupi ng papel at pagtatali ng *yarn*.

Mga Kagamitan: panloob na karton ng tisyu o kahit anong pabilog na anyo ng karton, makulay na papel, krayola, sinulid o *yarn*, pambutas, pandikit, krayola

Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral

Pamamaraan:

1. Ipaliwanag muna ang mga parte ng mata at paano tayo nakakakita.
2. Sabihin sa mga bata na gagawa sila ng largabista. Turuan ang mga bata na pagdikitin ang 2 karton ng tisyu o kahit na anong 2 karton na pabilog, gamit ang pandikit.
3. Matapos ay papalamutian nila ang largabista gamit ang papel at krayola.
4. Sa tulong ng guro, bubutasan ang magkabilang bahagi ng largabista.
5. Tutuhugan ng sinulid o yarn at ito ay ibubuhol. Sa ganitong paraan, ang largabista ay magkakaroon ng pangsabit sa leeg ng mga bata.
6. Kapag tapos na ang largabista, hayaang maglaro ang mga bata. Tanunging sila kung paano ito pwedeng gamitin.
7. Ipaliwanag ang Larong Hanapgamit

**<u>Kahalagahan ng Gamit ng Mata</u>**




*Identify the body parts and their functions (K-PNE-I-1)*

Pamamaraan ng Pagtalakay

1. Bago gumawa ng largabista, ipakita ang *anatomy* ng mata at ipaliwanag ang mga bahagi nito.
2. Ipaliwanag na ang mga mata ay mayroong mga bahagi na ginagamit para sa pandamang paningin. Kapag masyadong maliwanag at nakakasilaw ang ilaw na umabot sa ating retina, maaaring masira ang ating mga mata.
3. Ipaliwanag na dahil dito dapat nating ingatan ang ating mga mata. Hindi dapat tayo tumitig nang matagal.


**<u>Larong Hanapgamit</u> (*I Spy*)**

Layunin: Naisasagawa nang maayos ang pagmamasid sa kapaligiran.

Mga Kagamitan: Malaking papel, panulat o pangkulay
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral sa isang lamesa
Pamamaraan:

1. Paghahanda bago ang gawain: gumawa ng isang *worksheet* na mayroong koleksyon ng mga bagay na makikita sa loob ng silid aralan. Tingnan ang mga halimbawa sa kanan.
2. Sa araw ng gawain: Bigyan ng kopya ng *worksheet* ang bawat mag-aaral.
3. Gamit ang kanilang largabista hahanapin ng mga bata ang bagay sa loob ng silid aralan. Isa-isa itong ilalarawan ng guro. Kapag nahanap na ito ng bata gamit ang largabista ay kukulayan na niya ang larawan nito sa kanyang *worksheet*.
4. Matapos ang ilang bagay, hikayatin naman ang mga bata na sila naman ang maglalarawan ng mga bagay na nakikita nila sa largabista nila. Tumawag ng ilang bata na gustong maglarawan.
5. Gumawa nang may pag-iingat sa mga gamit.

**<u>Larong Tambol-Palakpak-talon</u>**




Layunin: Naisasagawa ang mapanuring pakikinig ng ritmo, bilang at *pattern.*

Kasabay nito ay pagiging pamilyar sa nakasulat na bilang at hugis. Bibigyan din ito ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magkaroon ng pagka-unawa ng ibig sabihin ng mga bilang 1 hanggang 3
Mga Kagamitan: Malaking papel, panulat o pangkulay, tambol (kung walang tambol, maaaring pumalakpak na lamang)
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral

Pamamaraan

1. Ihanda bago ang gawain: Gumawa ng tsart gaya ng nasa kanan.
   Kalaunan dagdagan ang bilang hanggang 6.
2. Ipaliwanag muna sa mga bata ang mga parte ng ating tainga, tingnan sa ibaba.
3. Pamamaraan sa gawain: ituturo ng guro ang bilang at magtatambol ang mga bata ayon sa bilang na tinuro. Maaring sa umpisa ang guro muna at pagkatapos ay gagayahin na ng mga bata.
4. Kalaunan, maaring kung ano ang tinuro ng guro ay siya namang tatambolin (o ipapalakpak) ng mga bata. Maaari ring palitan ng aksyon maliban sa palakpak. Maaring: tumalon, itaas ang kamay, ipadyak ang paa, At iba pa.
5. Kapag sanay na ang mga bata sa gawain, tumawag ng bata na siya namang magtuturo sa tsart.
6. Isagawa niya ang galaw ng hugis. Halimbawa hugis parisukat para sa pagpalakpak, bilog para tumalon at iba pa.
   Puwede ring baguhin ang hugis ng tsart.

**Bahagi ng Tainga**

Pamamaraan ng Pagtalakay

1. Bago gawin ang Larong Tambol-Palakpak-Talon, ipakita ang *anatomy* ng tainga at ipaliwanag ang mga bahagi nito.
2. Ipaliwanag na ang mga tainga ang ginagamit sa pandamang pandinig.
3. Ang tainga ay mayroong mga bahagi upang marinig ang mga tunog sa paligid.
4. Dahil sa aking pandamang pandinig naririnig ko ang iba't ibang tunog. Kaya kong marinig ang malakas at mahinang tunog; mga ingay at tugtog; mga tunog sa bahay, paaralan, at mga tunog ng aking katawan; kaya ko ring marinig ang mga tunog ng hayop sa paligid.
5. Mahalaga ang ating pandinig, kaya't kailangan nating ingatan ang ating mga tainga. Kapag masyadong malakas ang tunog ay maaaring masasaktan ang ating mga tainga. Maaari itong masira at maaari tayong mabingi.

***Fruit Salad*** (Takdang Aralin)

- *Describe objects based on attributes (shapes, sizes, uses, etc.) using senses and body parts (K-PNE-I-2)*

  *(Maaaring gawin sa silid-aralan kung may dalang prutas ang mga mag-aaral)*

Layunin: Naiintindihan kung paano nag-iiba ang lasa ng mga pagkain kapag pinaghalo

Mga Kagamitan: mangkok, iba't ibang prutas (saging, mangga, mansanas, kahel), kalamansi, asukal, plastik na kutsilyo, gwantes na plastik na pambata

Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral

Pamamaraan Bago ang Araw ng Gawain:

1. Sa Lunes, isulat sa isang *manila paper* ang pamagat ng gawaing *Fruit Salad*. Sa ilalim nito, isulat ang mga sangkap at mga kagamitan na kailangang dalhin ng mga mag-aaral sa Martes. Sabihin ang pamamaraan nang paggawa ng *fruit salad*.
2. Ipaliwanag sa mag-aaral na ang mga sangkap ng *Fruit Salad* na dadalhin nila ay ang mga nakasulat sa *manila paper* na nakapaskil sa pisara.
3. Ito ay pag-uusapan sa pagtatapos ng *Circle Time* 1 upang malaman ng mga mag-aaral ang mga prutas na kanilang dadalhin.
4. Magdala ng prutas na mayroon sa inyong bahay upang maihanda ang mga kagamitan sa paggawa ng *fruit salad.*

Takdang-aralin sa Lunes bago ang araw ng gawain:

1. Idikit sa kuwaderno ng mga bata ang nais na ipadala para sa knilang takdang aralin na dadalhin sa Lunes upang makapaghanda ang mga magulang. Halimbawa: "Magdala ng isang mansanas " "Magdala ng isang saging lakatan at iba pang prutas na gagamitin sa *fruit salad.*

3. Ibilin na ang mga sangkap at gamit ay dadalhin sa Martes upang mapaghandaan kung mayroong kulang sa mga dinala upang makagawa ng *fruit salad.*

Pamamaraan sa Araw ng Gawain:

1. Sabihin sa mga bata na kailangang maghugas ng kamay bago humawak ng pagkain at mga sangkap.
2. Hugasan ang mga prutas.
3. Magsuot ng guwantes na plastik.
4. Hiwain ang mga prutas upang madali itong kainin ng mga bata.
5. Pagsamahin at haluin ang lahat sa isang malaking lalagyan o mangkok.
6. Pigaan ng katas ng kalamansi at haluing mabuti.
7. Haluan ng angkop na dami ng asukal para sa katamtamang tamis.
8. Gabayan ang mga mag-aaral sa gawain lalo na sa paghihiwa ng mga prutas.

*Pwedeng sabihin ng guro na tulad ng pagkaing Halo-halo, paghahaluin din natin ang mga prutas bilang *Fruit Salad.* Pag-usapan ang pangalan ng mga prutas na dinala ng lahat ng mag-aaral. Tanungin ang mag-aaral tungkol sa mga katangiang napapansin nila gamit ang mga napag-aralang uri ng pandama: kulay, hugis, tekstura, amoy, o lasa.

Magsalo-salo sa ginawang *Fruit Salad.* Habang tinitikman ang bawat prutas maaari ring pag-usapan ang kahalagahan na malaman ang lasa kapag sariwa o sira na ang pagkain.

Takdang Aralin: Paboritong Pagkain

**<u>Amoy sa Loob ng Botelya</u>**

Layunin: Nagagamit nang wasto ang pandamang pang-amoy sa pag- amoy ng mga bagay.

Mga Kagamitan: gamit na resiklong botelyang plastik o lalagyang plastik na may maliliit na butas, (gumamit ng bulak na binasa para sa mga likidong sangkap) iba't ibang sangkap na may amoy tulad ng kanela (*cinnamon*), suka, banilya, alkohol, kape, maasim na mangga, kalamansi, pinya, sampaguita, piring, *manila paper*




Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral

Pamamaraan Bago ang Araw ng Gawain:

Lagyan ng maliliit na butas ang mga resiklong botelyang plastik at lagyan ito ng isang sangkap o bulak na binasa ng isang likidong sangkap. Pagkatapos, ito ay isara at dikitan ng tape ang gilid ng takip upang hindi madaling mabuksan. Maaari ring balutin ang gilid ng buong botelya upang hindi makita ang nilalaman.

Pamamaraan

1. I-grupo ang mga bata ayon sa dami ng mga boteng magagawa. Ipapaikot ang bote sa bawat mag-aaral sa grupo.
2. Lagyan ng piring ang mga mata ng bawat bata bago amuyin ang mga botelya. Kung nabalutan nang maayos ang mga botelya at hindi makikita ang nilalaman, maaari ring nakapikit na lamang ang mga bata habang ipinaaamoy ang mga ito.
3. Pagkatapos amuyin ng isang grupo ang isang bote, tatanungin ng guro kung ano ang kanilang naamoy. Ang mga hula ng mag-aaral ay isusulat ng guro sa isang *manila paper* kung saan nakasulat ang pangalan at ang hula. Kapag kayang magsulat ng mag-aaral, siya na ang magsusulat sa *manila paper.* Hayaang gumamit ng malikhaing pagbaybay ang mga mag-aaral. Maaaring sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular sa paksang "*Emergent Literacy*". Pag-usapan kung paano nakatutulong ang ating ilong sa pang-amoy. Itanong rin kung meron ba silang ibang nararamdaman habang inaamoy ang mga sangkap o bulak na nasa loob ng botelya.
4. Kapag ang nilalaman ng botelya ay kanilang nahulaan, maaaring ipakita ang laman ng botelya.
5. Maaaring iwan ang mga botelyang plastik sa isang lugar ng silid para patuloy nila itong pagsanayan sa pag-

amoy.

**Aklat ng Pandama**


Layunin: Nasasabi ang katangian ng bagay na nahawakan gamit ang pandama.

Mga Kagamitan: Larawan ng mga bagay at gamit na nais gamitin sa kwento, Kagamitan o kayarian na magkakaiba ang pakiramdam, karton

Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral

Pamamaraan

1. Gumawa ng kuwento gamit ang mga larawan. Halimbawa: Gamit ang resiklong *bubble wrap*, idikit ito sa larawan ng bahay-pukyutan; gamit ang makukulay na balahibo, idikit ito sa larawan ng isang ibon, atbp .
2. Pahawakan sa mga mag-aaral ang mga gamit na nakadikit sa larawan.
3. Tulungan silang sabihin ang katangian ng kanilang nararamdaman sa bawat larawan.




## B. *Math-related Activities*

**Kulay Sining sa Papel De Liha** (Pandama)



Layunin: Ipadama sa mga bata ang magaspang na kayarian ng papel de liha at kung paano ito gagamiting hindi sila masasaktan. Ang sining na gagawin ay magpapaigting ng mensahe na ang gawaing bahay ay ginagawa ng buong pamilya at hindi dahil sa nakagawiang mga tungkulin ng mga miyembro nito.

Mga Kagamitan: Papel de liha (pinaka-makinis), iba't ibang kulay ng krayola

Bilang ng Kasali: 10

Pamamaraan

1. Ipapakita ng guro kung paano hawakan ang papel de liha at hihikayatin ang bawat mag-aaral na subukan ito.
2. Habang ito ay sinasalat, tatanungin ng guro kung ano ang pakiramdam ng mga bata sa kanilang mga kamay.
3. Ipapaalala ng guro sa mga mag-aaral kung paano ito hawakan at gamitin upang sila ay hindi masaktan habang ginagawa ang kanilang sining.
4. Magbigay pa ng ibang *numbers* na maaari bakatin ng mga mag-aaral sa papel de liha gamit ang krayola.

**<u>Larong Hanap Kulay</u>** (Paningin)


Layunin: Nakikilala ang mga kulay na nakikita sa paligid.
Nasasabi ang mga kulay na nakikita sa paligid.
Mga Kagamitan: Gamit na magkakatulad o hawig ang kulay, 3 pirasong ⅛ *manila paper*, ¼ *bond paper*, pandikit, krayola o panulat
Bilang ng Kasali: 8-10
Pamamaraan

1. Sabihan ang mga bata na maghanap ng mga bagay na kulay asul, pula, o dilaw sa loob ng silid-aralan.
2. Tanungin ang mga bata kung ano-ano ang kanilang nakita.
3. Sabihan silang iguhit ang kanilang nakita sa maliliit na papel gamit ang kulay na naaayon sa nakita nila.
4. Ang bawat iginuhit ay ididikit sa *manila paper* para makita ng lahat ng mag-aaral. Gumamit ng isang *manila paper* para sa bawat kulay.
5. Isulat ang pamagat na, "Ito ang mga asul / pula / dilaw na mga bagay sa paligid natin".

**<u>Hugis Tanda</u>** (Paningin)


Layunin: Nakikilala ang mga hugis
Mga Kagamitan: 8-10 *Shape cards* na magpares
Bilang ng Kasali: 8-10
Pamamaraan

1. Iharap pababa ang lahat ng *shape cards* at haluin.
2. Ang bawat mag-aaral ay pipili ng 2 *shape cards* sa bawat pagkakataon. Kapag magkapareha ang hugis, ito ay mapupunta sa kanya at magkakaroon pa sya ng isa pang pagkakataon na pumili ng 2 *shape cards*.
3. Kapag hindi magkapareho ang hugis, ibabalik ang *shape cards* sa orihinal na salansan nito.
4. Ang mayroong pinakamaraming *shape cards* and mananalo sa laro.
5. Kapag marami ang mag-aaral, maaaring gawing grupo ang maglalaro.



**Tahi-nang-tahi ng Tatlo** (Pandama)

Layunin: Nakilala ang bilang 3, pagsasanay sa galaw ng mata at kamay pati na rin ang *fine motor skills.*
Naisasagawa ang *fine motor skills* sa pagkilala ng bilang 3.



Mga Kagamitan: 8-10 na karton na binutasan ang numerong 3, *yarn* o tali
Bilang ng Kasali: 8-10
Pamamaraan bago ang gawain:
Gumupit ng karton na nakalarawan ang bilang na 3. Lagyan ng butas ang larawan ng bilang.
Pamamaraan:

1. Tatahiin ang numerong 3 gamit ang yarn o tali
2. Tumawag ng mag-aaral at magpakilala ng 3 kaklase nya.
3. Sabay-sabay silang gumawa ng gawain nang may pag-iingat.

**C. Early Literacy Related Activities**


**Pagkopya ng Letra sa Papel de Liha** (Pandama)




Layunin: Nakikilala ang unang letra ng kanilang pangalan sa pagsasagawa ng *fine motor skills*
Mga Kagamitan: karton, papel de liha na ginupit sa mga letra ng pangalan ng bawat mag-aaral
Bilang ng Kasali: lahat ng mag-aaral
Pamamaraan:

1. Ibigay ang mga inihandang mga letra na papel de liha sa bawat bata.
2. Ipakita sa bata kung paano kokopyahin ang letra gamit ang daliri. Ipaalala na dahan-dahan ang pagkopya upang hindi masaktan ang mga daliri.
3. Hikayating subuking isulat ang letra sa hangin, sa likod ng kaklase, sa palad at sa iba't ibang bahagi ng silid-aralan.

**<u>Pamimitas ng Letra</u>** (Panlasa)




Layunin: Natatandaan ang mga letra ng salita batay sa naaamoy na bagay
Mga Kagamitan: karton, makulay na papel, pang-ipit ng papel, patpat, panulat, boteng amuyan
Bilang ng Kasali: 8-10
Pamamaraan:

1. Gumawa ng 1-*dimensional* na larawan o *three- dimensional* na karton na puno at lagyan ito ng maraming bunga na mga letra. Puwede itong idikit gamit ang *paper clips* o magnet. Ipakita ito sa mga bata at maaaring ipabasa muna ng lahatan.
2. Gamit ang 'boteng amuyan', ipaamoy sa unang bata at ipahula ang pangalan ng bagay o pagkain na inamoy.
3. Ang bawat bata ay bibigyan ng pagkakataon na manghula sa unang letra ng pagkain o bagay na kanilang naamoy.
4. Isusulat ng guro ang pangalan ng bagay na inamoy sa pisara o *manila paper* at ididikit sa tabi nito ang letrang galing sa puno.
5. Pitasin ang mga bilang na inamoy nila at itaas ito pagkabasa.

**<u>Tayo'y gumuhit ng ating narinig</u>** (Pandinig)

Layunin: Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig sa mga detalye at magkaroon ng kawilihin sa pakikinig
Mga Kagamitan: tatlong papel, pangkulay
Bilang ng Kasali: lima hanggang anim na kasapi
Pamamaraan:

1. Bigyan ng papel ang bawat bata.
2. Tanungin ang mga bata tungkol sa iba't ibang nangyari sa kuwento. Bigyan ng pagkakataon na ito ay mapag-usapan ng buong klase upang maalala ng mga bata ang simula, gitna, at wakas ng kuwento.
3. Isa-isang ipaguhit ang mga naalala ng mga bata sa kanilang papel. Isang papel ang gagamitin para sa simula, isa para sa gitna, at isa para sa wakas ng kuwento




**<u>Halo-halong Letra ng Pagkain</u>** (Panlasa)
Layunin: Nakilala ang unang letra ng mga pagkaing nalasahan.
Natutukoy ang uri ng lasa ng pagkain.
Mga Kagamitan: *Picture cards* ng mga prutas na ihahanda, mga *letter cards* na katumbas nito, karton para sa bawat uri ng lasa (matamis, maasim, mapait, maalat), sari-saring prutas
Bilang ng Kasali: 8-10 kasapi
Pamamaraan:

1. Ihanda ang sari-saring prutas na titikman ng mga bata. Gagawa ng mga hanay at isulat ang mga uri ng lasang matitikman ng mga bata. Halimbawa: matamis, maasim, maalat, atbp.
2. Ipaliwanag sa mga bata na dapat nakapikit ang kanilang mga mata habang tinitikman ang mga pagkaing inihanda para sa kanila. Pagkatapos nilang tikman ang pagkain, sila ay muling didilat at hahanapin sa *picture cards* ang pagkain na kanilang natikman.
3. Hahanapin rin nila sa *letter cards* ang unang letra ng salita nang pinili nilang *picture card.* Kapag tama ang kanilang piniling *picture card* at *letter card*, ito ay ididikit sa pisara sa hanay ng tamang uri ng lasa.

   Halimbawa: mansanas na picture card at 'M' na *letter card* ay ilalagay sa hanay ng mga matatamis; suka na *picture card* at 'S' na *letter card* sa hanay ng maasim.

## D. Indoor / Outdoor Play

**<u>Laglag-Panyo</u>**

Layunin: Naisasagawa nang may kawilihan sa pamamagitan ng laro ang *locomotor and non-locomotor* na mga kilos.
Alamin ang *senses* na ginagamit sa laro.
Mga Kagamitan: panyo
Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata

Pamamaraan:

1. Ang lahat ay uupo nang pabilog sa posisyong lotus.
2. Sasabihin ng guro na sa larong ito ay kailangan ng bawat kalahok ang maging tahimik, alisto, at mabilis gumalaw dahil kailangan ito para mahabol ang taya.
3. Ipakikita ng guro kung paanong ang taya ay iikot sa labas ng bilog at ihuhulog ang panyo sa mapipiling kaklase. Ang kaklaseng hinulugan ng panyo sa likod ay dapat maging listo at mabilis upang mahabol ang taya o maunahang makaupo sa puwestong bakante sa bilog.
4. Kapag ito ay kanyang naunahan, ang naghulog ng panyo ay muling magiging taya. Kung hindi, siya na ang bagong taya at pipili ng kaklase upang laglagan ng panyo sa likuran.

**<u>Hulaan ng Tunog</u>** (Pandinig)

Layunin:Nasasabi nang wasto ang naririnig na mga tunog.
Natutukoy nang wasto ang naririnig na mga tunog.
Mga Kagamitan: mga panyo ng bata bilang piring, limang bagay na tumutunog o *pre-recorded* na tunog.
Bilang ng Kasali: 8-10
Pamamaraan:

1. Magpapatunog ang guro ng mga bagay o mga naka-*record* na tunog. Halimbawa, pito, ambulansya, kampana, atbp.
2. Habang hindi nakatingin ang mga bata o nakapiring ang kanilang mga mata, huhulaan kung ano-ano ang kanilang naririnig.
3. Maaaring pag-usapan ang mga narinig na tunog at tanungin kung ano-anong tunog ang maganda sa tainga at kung ano-ano ang masakit sa kanilang tainga. Dito pwedeng idiin ang kahalagahan ng pag-iingat sa tainga.

**Hulaan ng Lasa** (Panlasa)

Layunin: Nahuhulaan ang pagkaing nalalasahan
Mga Kagamitan: sitsiryang maalat, pulbos na kape o katas ng ampalaya (mapait), katas ng kamias/kalamansi o *lemon* (maasim), asukal (matamis), dinurog o sinunog na bigas (mapait at sunog), piring, maliliit na lalagyan, kutsarita
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral Pamamaraan


1. Habang nakapiring ang lahat ng mag-aaral gamit panyo, bigyan sila nang malinis na kutsarita. Bibigyan sila pagkakataon na matikman ang mga nakahaing pagkain, katas ng prutas, at gulay na nasa mesa.
2. Hayaang sabihin o hulaan nila ang lasa ng bawat isa. Iwasang sabihin kung tama o mali ang kanilang sagot.
3. Kapag tapos na ang lahat, iproseso at talakayin ang lasa ng bawat pagkain na kanilang natikman. Sabihin kung tama ang kanilang hula.

**Tandaan ang larawan at amoy**

Layunin: Nagagamit ang sariling pandama at mauri ang magkakapares gamit ang pang-amoy at paningin
Mga Kagamitan: boteng amuyan, larawan ng mga gamit o pagkaing nasa bote
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral
Pamamaraan:

1. Maghanda ng sampung larawan ng mga kagamitan o pagkain na may kakanyahang amoy. Itaob ang mga ito sa mesa sa harapan ng klase. Paghaluin ang mga ito.
2. Gamitin ang 'boteng amuyan' na may lamang bulak na may amoy ng bagay na nasa larawang nakataob. Huhulaan ng mga bata ang mga naamoy na bote. Puwedeng haluin ang pagkakahanay ng mga bote upang hindi matandaan ng ibang bata kung ano ang laman nito.
3. Pagkatapos maamoy ng bata ang bote, pipili siya sa mga nakataob na larawan kung ito nga ang kaniyang naamoy. Kapag tama ang kaniyang napili, ibibigay sa kanya ang laman ng bote. Kapag nagkamali ng pili, ito ay ibabalik sa lamesa na nakataob.
4. Bigyan ang bawat mag-aaral ng dalawang pagkakataon para sumubok.

**Hulaan ang Laman ng Mahiwagang Kahon**



Layunin: Nahuhulaan ang mga nahahawakang bagay
Mga Kagamitan: Kahon na mayroon dalawang butas na kasya ang tig-isang kamay ng bata, iba't ibang gamit na may iba't ibang hugis ang nasa loob nito
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral

Pamamaraan

1. Kailangang ihanda ang karton bago ang araw ng patimpalak.
2. Pangkatin ang mga mag-aaral ng tig-lilima.
3. Bawat kalahok sa pangkat ay ipapasok ang dalawang kamay sa butas ng kahon at hahawak ng isang bagay.
4. Kailangang hulaan niya kung ano ang kanyang nahawakan nang hindi ito nakikita.
5. Itatala ng guro ang bawat tamang sagot ng grupo.
6. Ang pangkat na may pinakamaraming tama ang siyang mananalo.

**E. Songs, Rhymes**

| | | |
|---|---|---|
| **<u>Kaibigang Libro</u>**<br><br>Ako ay kaibigan<br>Kaibigang Libro<br>Laging handang<br>Magkuwento sa inyo<br>Ingatan niyo ako<br>Alagaan niyo ako<br>Ako ay kaibigan Kaibigang Libro<br><br>Huwag tatapakan<br>Huwag uupuan<br>Huwag pupunitin ang mga pahina<br>(Ulitin ang Stanza 1) | **<u>Ikot-ikot</u>**<br><br>1. *Introduce the song " Ikot, Ikot ... "*<br>2. *First, have them sing the song using a normal pitch.*<br>3. *Then let them try using a high pitch.*<br>4. *Then let them try using a low pitch.*<br>Ikot-ikot<br>Ikot-ikot, ikot, ikot<br>ikot,ikot,<br>Hila, hila<br>Pok, pok,<br>pok (repeat )<br>Gupit nang gupit<br>At tahi nang tahi<br>Gupit nang gupit<br>at tahi nang tahi<br>*(Ulitin First Stanza)* | **<u>Igalaw Mga Mata</u>**<br><br>*Awitin sa himig ng Twinkle, Twinkle Little Star*<br><br>Halina't ating igalaw,<br>Mga matang malilinaw.<br><br>Idilat at ipikit,<br>At kaya rin ang<br>Pakurap-kurap.<br>*(Repeat)* |
| **<u>Kung Ang Ulan ay Katas ng Prutas</u>**<br><br>*Awitin sa himig ng Kung ang Ulan ay Malapot na Sorbetes*<br>*Ask the children to supply the fruits or food they want to taste*<br><br>Kung ang ulan ay katas ng isang prutas,<br>o kaysarap ng ulan.<br>Ako'y lalabas na bukas ang bibig.<br>Ah-a-a-ah! Ah-a-a-a-ahh!<br>Oh kaysarap ng ulan<br><br>Kung ang ulan ay katas ng kalamansi, | **<u>I Use My Five Senses</u>**<br><br>*Awitin sa himig ng"The Farmer in the Dell"*<br><br>I use my eyes to see, I use my eyes to see,<br>And when I want to see a star, I use my eyes to see.<br>I use my nose to smell, use my nose to smell,<br>And when I want to smell a flower, I use my nose to smell.<br>And when I want to taste the fruits, I use my tongue to taste.<br>I use my ears to hear, I use my | **<u>Malambot at Matigas/Magaspang at Makinis</u>**<br><br>*Awitin sa himig ng "May Tatlong Bibe"*<br><br>May dalawang bagay akong nakita,<br>Upuan at bulak na nasa mesa.<br>Ang isang bagay ay napakalambot,<br>Ang isa naman ay pagkatigas-tigas!<br>Ano? Ano ? Ano?<br>Alin? Alin? Alin?<br>Ano ang matigas at malambot?<br>Alin sa dalawa ang malambot?<br>Tayo ng suriin ang dalawa.<br>Alin ang malambot? |

| | | |
|---|---|---|
| Oh, kay asim ng ulan. | ears to hear. | Alin ang matigas? |

| | | |
|---|---|---|
| Ako'y lalabas na bukas ang bibig.<br>Ah-a-a-ah! Ah-a-a-a-ahh!<br>Oh, kay asim ng ulan.<br><br>Variations:<br>katas ng mga sili,<br>Oh, kay anghang ng ulan.<br><br>katas ng ampalaya, Oh kay pait ng ulan | And when I want to hear a bird, I use my ears to hear.<br>I use my hands to touch, I use my hands to touch<br>And when I want to touch a cat, I use my hands to touch it. | Kung ang sagot mo ay tama at akma,<br>Maupo ka na at ikaw ay magsaya.<br>Alin ang malambot? Bulak po ang sagot.<br>Alin ang matigas? Upuan po ang sagot<br>Tama ang sagot, tayo' y pumalakpak.<br>Clap clap Clap, clap clap clap<br>Tama ang sagot, tayo' y pumalakpak. |
| **<u>Tula: Pandinig</u>**<br><br>Tainga'y nakaririnig Sa ating paligid.<br>Ang lahat mababatid<br>Ligaya ang hatid.<br>At kung may panganib Gamitin pandinig. | **<u>Tula: Mata</u>**<br><br>Mata ay itingin sa mga tanawin.<br>Sa ating landasin Ito'y ilaw na rin. | |